



Mga Madalas Itanong CalFresh at Imigrasyon

1. Hindi ako citizen ng Estados Unidos. Maaari ba akong makakuha ng CalFresh?

Maaaring karapat-dapat kayo kung kayo ay isang “kwalipikadong” imigrante. Kabilang dito ang mga permanenteng residente na legal na naririto (iyon ay ang mga may “green card”), ang mga may katayuan bilang refugee o asylum, mga taong binigyan ng walang katiyakang pananatili na hindi pauwiin sa sariling bansa o papaalisin, mga pumasok na Cuban/Haitian, mga indibidwal na binigyan ng parol ng mga awtoridad sa imigrasyon papunta sa Estados Unidos nang kahit isang taon, mga pumasok na binigyan ng kondisyon (pansamantalang “green card”), at ilang biktima ng karahasan sa tahanan. Mga biktima ng pagpupuslit ng tao o human trafficking (mga aplikante para sa at na mayroong “T” visa at ang mga naghahandang mag-file), at ang mga aplikante para sa at na mayroong “U” visa ay maaari ring maging karapat-dapat.

2. Iuulat ba ang aking katayuan sa imigrasyon para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon?

Hindi. Kinukumpirma ang katayuan sa imigrasyon, ngunit ginagamit lamang upang tingnan kung karapat-dapat kayo para sa CalFresh. Hindi maaaring gamitin ng mga opisyal ng imigrasyon ang impormasyong ito upang pauwiin kayo sa inyong sariling bansa maliban kung mayroong kriminal na paglabag. Ipinagbabawal ng Ordinansa ng Lungsod sa Paghahanap ng Kanlungan ng San Francisco na tumulong o makipagtulungan ang mga empleyado ng Lungsod sa anumang pederal na pag-iimbestiga ng imigrasyon, detensyon o mga pamamaraan ng pag-aresto, maliban kung ayon sa hinihiling ng pederal na batas.

3. Maaari bang makakuha ng CalFresh ang aking mga anak kahit na wala akong karapat-dapat na katayuan sa imigrasyon?

Oo. Maaaring maging karapat-dapat ang inyong mga anak kung kayo ay hindi. Maaari kayong mag-aplay ng CalFresh para sa inyong mga anak (wala pang edad na 18) na ipinanganak sa Estados Unidos, mga permanenteng residente o mayroong isa pang karapat-dapat na katayuan sa imigrasyon. Kakailanganin ninyong magpakita ng katunayan ng inyong kita at mga mapagkukunan upang malaman ang halaga ng benepisyong mga ito.

4. Magiging mahirap bang makakuha ng “green card” o maging citizen dahil sa pagtanggap ng CalFresh?

Hindi. Ang pagtanggap ng CalFresh ay hindi ginagawang “public charge (umaasa sa pamahalaan)” ang isang imigrante. **Hindi tatanggihang pumasok sa bansa ang imigrante, o pagkakaitan ng legal na pagiging permanenteng residente o ng isang “green card” bilang isang umaasa sa pamahalaan batay sa kung tumatanggap siya ng mga benepisyong CalFresh.** Ang paggamit ng imigrante sa CalFresh ay walang kaugnayan sa pagpapasiya kung maaari siyang maging isang U.S. citizen. Ang eksepsyon

ay kung saan ginamit sa panloloko ang mga benepisyo ng CalFresh (hal., kung hindi nagsabi ng katotohanan ang imigrante tungkol sa kung saan siya tumira o tungkol sa kanyang kita, atbp.).

5. Kailangan ba ang impormasyon tungkol sa pag-i-sponsor bilang bahagi ng pag-a-apply para sa CalFresh?

Karamihan sa mga sambahayan ng CalFresh na mayroong mga hindi citizen ay hindi kailangang magbigay ng kita mula sa sponsor. Halimbawa, kung ang kita ninyo ay mababa sa partikular na halaga (130% ng pederal na antas ng kahirapan) hindi ninyo kailangang magbigay ng impormasyon ng kita mula sa sponsor. Ang mga eksempyon ng sponsor ay maaari ring batay sa uri ng visa, ang dami ng naging trabaho sa Estados Unidos at ang petsa ng pagpasok.

Maaari ring piliin ng mga hindi citizen na nasa hustong gulang na huwag sumama sa sambahayan at mag-apply sa ngalan ng kanilang mga anak na wala pang edad na 18 taong gulang nang hindi nagbibigay ng anumang impormasyon ng sponsor.

6. Kailangan ko bang magpakuha ng fingerprint?

Hindi.

7. Ang pagtanggap ba ng CalFresh ay may kaugnayan sa pagpapalista o paglilingkod sa militar sa anumang paraan?

WALA!

Ang FAQ na ito ay nagbibigay lamang ng pangkalahatang gabay at hindi nilalayong palitan ang legal na payo. Para sa karagdagang impormasyon sa pagiging karapat-dapat ng imigrante para sa mga pampublikong benepisyo: National Immigration Law Center sa www.nilc.org.

Para sa impormasyon tungkol sa kung paano nakakaapekto ang mga benepisyo sa inyong katayuan sa imigrasyon: <http://www.uscis.gov> at hanapin ang "public charge."

Bago ang Dokumentong Nagbibigay ng Impormasyon (Fact Sheet) na ito simula noong Nobyembre 2018. Hindi ito dapat gamitin upang palitan ang mga regulasyon ng Pederal, Estado o County.

Ang Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Tao ng SF ay mayroong mga kopya ng mga kasalukuyang regulasyon na maaari ninyong repasuhin.